# "Ipagpatuloy"

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
Marso 06, 2021

"Ano ang mahalaga?" ay ang pinakaimportanteng tanong para sa atin, dahil dito nakikita ang ating pokus at direksyon ng ating buhay. Bagaman, may mga pagbabago, at kung sakaling may nagbago, baka mawala tayo sa pokus, kung di natin alam ang sagot sa tanong na ito. Hindi inaasahan ni San Pablo na mangangaral siya sa kulungan. Subalit, mahalaga sa kanya ang pagpapahayag ng Salita ng Diyos, kaya't hindi siya nalungkot sa kanyang kalagayan. Tinanggap niya ang kanyang sitwasyon at siya'y nagpatuloy, "Dapat, magpatuloy akong magalak." Tinuturuan tayo ni San Pablo na lumipat mula sa paliwanag tungo sa matinding paghangad at kung papaano makahanap ng pag-asa para makapagpatuloy.

**1.Ano ang itinuturo ni San Pablo tungkol sa pag-asa (Filipos 1:18-27)?**

●Hanggat ipinapahayag si Cristo, hindi niya inaalintana ang mga negatibong sinasabi o iniisip tungkol sa kanya. "Ngunit walang anuman ang lahat ng iyon…naipangangaral si Cristo. At dahil dito nagagalak ako" (Fil. 1:18).

● Maski anong pagbabago ang haharapin natin sa buhay, basta naniniwala tayo sa Diyos, patungo tayo sa tamang direksyon."…magkaroon ako ng lakas ng loob sa lahat ng panahon upang, sa mabuhay o sa mamatay mabigyan ko ng karangalan si Cristo" (Fil. 1:20).

● Ikinagagalak ni San Pablo ang pag-asang balang araw siya'y lalaya sa tulong ng Espiritu ni Jesu-Cristo at mga panalangin ng mga Kristiyano (Fil. 1:18).

● Sa kabila ng mga pinagdadaanan nating ito, umasa tayo na may malaki tayong gantimpala mula sa Panginoon. "Ang aking pinakananais at inaasahan ay huwag akong magkulang sa aking tungkulin…" (Fil. 1:20).

**2. Paano natin mapalalago ang ating pananalig?**

"Apo-kara-dokia" – tatlong salitang Griyego: Ibig sabihin ng "Apo" ay mabago o lumipat na may pokus; ibig sabihin ng "Kara" ay ulo; ang ibig sabihin ng "Dokia" ay umabante.

**2.1** Sadyang magbago tungo sa layunin ng Diyos at magpatuloy sa pagpapalawak ang pananalig.

**2.2** Huwag tayong manahan sa nakaraan o sa pangkasalukuyan. Sa halip, umasa tayong may galak kung ano ang ipagkakaloob ng Diyos sa atin: kagalingan, buhay na ganap, bukas na pintuan at ang ating misyon.

**2.3** Para mabago ang ating buhay, ibahin natin ang ating isipan at kilos, lalong-lalo na sa mga bahaging mahirap baguhin. Huwag ng maghanap ng paliwanag dahil si Jesus ang gumagawa ng paraan, maski di pa natin ngayon nakikita.

**2.4** Kung dumating ang demonyong may dalang kasinungalingan, lumaban tayong may pananampalataya gamit ang Salita ng Diyos.

**2.5** Sa ngayon, baka nakikipaglaban pa tayo sa mga sakit na nararamdaman natin, huwag mag-alala dahil may Diyos tayong humaharap sa ating laban.

**Konklusyon:**

Huwag tayong magduda sa kapangyarihan ng Diyos. Dapat ang ating pananalig ay makabuluhan. Sabay-sabay nating sabihin, "apo-kara-dokia!" Kailangang mabago ang ating pag-iisip, mapalawak ang ating pananalig, at umasa ng mga magagandang bagay mula sa Maykapal. Ipagkakaloob Niya higit pa sa ating hinihiling.

**Pagninilay:**

1. Ano talaga ang mahalaga sa iyo? Anong sitwasyon ang sumisira ng iyong pokus?

2. Paano mo maibabalik ang iyong pokus sa pinahahalagahan mo?

3. Anong aspekto sa iyong buhay ang nangangailangan ng pagbabago at pagpapalawak ng pananalig?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #Pananalig; #Pag-asa; #PagpapalakasngLoob